


7

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paghuhusga ng Konsensya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paghuhusga ng Konsensya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Deo C. Ilagan
Editor:	Loida S. Pigon
Tagasuri:	Irnanie A. Enrico, Loida S. Pigon, Ma. Luz N. Darjuan Ronilyn B. Conales, Cristy R. Temple, Elma C. Palen
Tagaguhit:	Khristine S. Lacsamana
Tagalapat:	Khristine S. Lacsamana Mario Johray V. Manongdo
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Atty. Suzzette T. Gannaban-Medina Susana M. Bautista Cynthia Eleanor G. Manalo Mariflor B. Musa Freddie Rey R. Ramirez Danilo C. Padilla Annabelle M. Marmol Domingo L. Mendoza, Jr. Elmer P. Concepcion Loida S. Pigon, EdD

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region
Office Address: Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

**Edukasyon
sa Pagpapakatao**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3:
Paghuhusga ng Konsensya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Sa Modyul 2, natutuhan mo kung paano kumikilos ang isip at kilos-loob sa pagbuo ng pasiya: ang pangangatwiran ng isip tungo sa *katotohanan* at ang aksyon na gagawin ng kilos-loob tungo sa *kabutihan*. Ang kilos ng isip na *maghusga* kung *mabuti o masama* ang pamimiliang pasiya o kilos ay ang konsensiya. Ang Likas na Batas Moral naman ang nagbibigay ng direksyon sa konsensiya upang piliin ang mabuti at iwasan ang masama.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nahihinuha na nalalaman agad ng tao ang mabuti at masama sa kongkretong sitwasyon batay sa sinasabi ng konsensiya. Ito ang Likas na Batas Moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. (EsP7PS-IId-6.3)
2. Nakabubuo ng tamang pangangatwiran batay sa Likas na Batas Moral upang magkaroon ng angkop na pagpapasiya at kilos araw-araw. (EsP7PS-IId-6.4)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang dahilan kung bakit ang konsensiya ang praktikal na paghuhusga ng isip?
 - a. Ito ang kakayahan ng isip na maghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang pasiya o kilos.
 - b. Ito ang pangunahing kamalayan sa mabuti at masama.
 - c. Ito ang naglalapat ng Likas na Batas Moral.
 - d. Ito ang sinusunod ng kilos-loob.
2. Pagkatapos ng kaniyang klase sa hapon, niyaya si Rabiya ng kaniyang kaklase na manood ng sine at kumain sa isang mall. Bago magpasiya si Rabiya, naisip niya ang kanilang takdang-aralin. Kung sasama siya, gagabihin siya at mawawalan ng oras sa paggawa nito. Kung hindi siya sasama, mas marami siyang oras sa paggawa ng takdang-aralin. Sa anong panahon kumikilos ang konsensiya ni Rabiya?
 - a. Bago ang kilos.
 - b. Habang iniisip ang kilos.
 - c. Pagkatapos gawin ang kilos.
 - d. Habang isinasagawa ang kilos.

3. Naghanda ng kodigo si Jacqueline bago ang pagsusulit nila sa Matematika. Sa oras ng pagsusulit, nakaramdam siya ng pagkabalisa sa paggamit nito. Naisip niya na masamang gumamit ng kodigo at mas mabuting maging tapat. Sa anong panahon kumikilos ang konsensiya ni Jacqueline?
 - a. Habang isinasagawa ang kilos.
 - b. Pagkatapos gawin ang kilos.
 - c. Habang iniisip ang kilos.
 - d. Bago ang kilos.

Para sa Bilang 4-7, ibatay ang sagot sa sitwasyon na nasa loob ng kahon.

Isang gabi, naghanda si Kardo ng isang kodigo para sa kanilang pagsusulit kinabukasan. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa lahat ng asignatura. Ngunit sa mismong araw ng pagsusulit, nakadama siya ng pagkabalisa habang sinisilip niya ang kodigo.

4. Ano ang *hindi* sinasabi ng pagkabalisa na naramdaman ni Kardo sa sitwasyon?
 - a. Ito ay resulta ng konsensiya na nagpapaalala kay Kardo ng kaniyang *moral* na obligasyon na maging tapat at hindi umasa sa kodigo.
 - b. Ito ay indikasyon na sinasabi ng kaniyang konsensiya na masama ang gumamit ng kodigo.
 - c. Ito ay isang moral na paghatol na nagpapahayag na hindi niya dapat gawin ang kilos.
 - d. Ito ay paghatol ng kaniyang isip na baka mahuli siya ng kanilang guro.
5. Kung susundin ni Kardo ang sinasabi ng kaniyang pagkabalisa, alin ang *hindi* niya dapat gawin?
 - a. Tamang pangangatwiran sa bawat opsyon ayon sa Likas na Batas Moral.
 - b. Pagtitimbang ng kalalabasan ng pipiliin niyang kilos.
 - c. Pag-iwas sa labis na pag-aalala.
 - d. Pagpili ng mabuting opsiyon.
6. “Ngunit sa mismong araw ng pagsusulit, nakadama si Kardo ng isang pagkabalisa habang sinisilip niya ang kodigo”. Ang pagkabalising ito ay:
 - a. ang paghatol ng konsensiya sa kasamaan ng kilos at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.
 - b. ang tinig ng Diyos na bumubulong kay Kardo na aminin niya na mali ang pagsilip sa kodigo.
 - c. babala na baka masanay na siya sa paggawa ng masama.
 - d. hudyat na kumikilos ang kaniyang konsensiya.

7. Anong konklusyon ang mabubuo sa sitwasyong kinakaharap ni Kardo?
 - a. Kumikilos ang ikalawang elemento ng konsensiya: ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.
 - b. Kumikilos ang unang elemento ng konsensiya: ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti at masama sa isang sitwasyon
 - c. May pinagbabatayan na mas mataas na pamantayan ang konsensiya: ang Likas na Batas Moral.
 - d. Ang pangunahing gamit ng konsensiya ay tukuyin ang *dapat* gawin sa isang sitwasyon.

Para sa Bilang 8-10, ibatay ang sagot sa sitwasyon na nasa loob ng kahon.

Naiwan si Rica, nasa Baitang 7, ng kaniyang mga magulang at pinagbilinan na huwag siyang lalabas ng bahay. Sinunod naman ni Rica ang bilin ng kaniyang magulang ngunit biglang tumawag sina Luis na planong magkita ang magkakaibigan. Batid ni Rica na bawal lumabas lalo na wala pa sila sa tamang edad dahil ito ay mahigpit na ipinatutupad sa panahon ng pandemya. Sa isip ni Rica mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal na ring hindi sila nagkikita.

8. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Rica at ng mga kaibigan?
 - a. Ang hindi pagsunod sa bilin ng magulang at ang hindi pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.
 - b. Ang pagsunod sa bilin ng magulang at ang hindi pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.
 - c. Ang pagsunod sa bilin ng magulang at pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.
 - d. Ang paglabas ng bahay at pakikipagkita sa mga kaibigan nang sandali lamang.

9. Isinaalang-alang ba ni Rica sa kaniyang pasiya ang mas mataas na mabuti (*higher good*) sa sitwasyong ito? Bakit?
 - a. Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa paglabas ng bahay kahit *emergency*
 - b. Oo, dahil kahit inisip niya na mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal nang hindi nakikita, hindi pa niya naisasagawa ang kilos na ito.
 - c. Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa hiling ng kaibigan sa situwasyong iyon.
 - d. Oo, dahil pinag-iisipan pa niya kung lalabas ng bahay o hindi.

10. Sa tanong na “Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kaniyang konsensiya? Aling katwiran ang ayon sa Likas na Batas Moral?

- a. Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa hiling ng kaibigan sa sitwasyong iyon.
- b. Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa paglabas ng bahay kahit *emergency*.
- c. Oo, dahil inisip niyang mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal nang hindi nakikita kaysa ang pagsunod sa utos ng mga magulang.
- d. Oo, dahil ang pagsaalang-alang sa hiling ng mga kaibigan kaysa sa utos ng magulang ay paglabag sa Likas na Batas Moral.

Aralin

1

Paghuusga ng Konsensya



Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyong nasa loob ng kahon. Pag-aralan kung paano babaguhin ng tauhan ang kanyang pasiya o kilos upang sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba nito at isulat ito sa iyong kuwaderno.

Matutulog na si Mila pagkatapos magbalik-aral para sa kanyang *periodical test* sa ika-7 ng umaga kinabukasan. Ngunit narinig niya ang *ring tone* ng kaniyang *cellphone*. Nakiusap si Luisa, ang kaniyang matalik na kaibigan, na gawin niya ang *PowerPoint presentation* para sa kaniyang *report* na dapat ipasa kinabukasan, sa ika-8 ng umaga. Nagbabantay raw kasi siya sa kapatid niyang may sakit.

Naisip ni Mila na magsakripisyo para sa kaibigan. Mapupuyat siya ngunit handa na naman siya sa *periodical test* kinabukasan. Mahal kasi niya ang kaniyang kaibigan.

Mga Tanong:

1. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Mila?
2. Isinaalang-alang ba niya ang mas mataas na mabuti (*higher good*) sa sitwasyong ito sa kanyang pasiya? Pangatwiran.
3. Paano niya babaguhin ang kanyang pasya upang tumalima o sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?
4. Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kanyang konsensya? Pangatwiran.



Tuklasin

Panuto:

1. Basahin at unawain ang sitwasyon sa ibaba. Suriin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa sasabihin o paghuhusga ng iyong konsensiya sa mga sitwasyong ito. Isulat ito sa unang kolum.
2. Kilalanin naman ang pinagbatayan ng konsensiya sa paghusga nito at isulat ito sa ikalawang kolum.
3. Gabay mo ang unang sitwasyon bilang halimbawa.

May proyekto ang inyong klase at kinakailangang magbigay ng kaunting halaga ang bawat isa upang ipambili ng mga materyales na gagamitin. Nang magsabi ka sa iyong ama, agad naman siyang pumayag ngunit nagtagal ng bahagya bago siya nakapagbigay ng pera dahil maliit ang kaniyang kita. Ayon sa kaniya, kailangang unahin ang panggastos ng pamilya sa araw-araw. Kung kaya't ng nagbigay na siya ng pera sa iyo, mahigpit niyang ipinagbilin na ibayad mo ito kaagad. Ngunit pagdating mo sa klase, nalibang ka sa dami ng gawain at hindi mo napansin na nawawala na pala ang perang ibinigay ng tatay mo. Ano ang iyong gagawin?

Paghuhusga ng Konsensiya	Batayan ng Paghuhusga (Likas na Batas Moral)
Sasabihin ko sa tatay ko ang totoong nangyari. Tutulong ako sa paghahanap ng paraan upang makabayad sa proyekto.	Kailangang pahalagahan ang katotohanan, kaya't masama ang magsinungaling. Mahalagang ingatan ko ang tiwala ng kapwa ko sa akin, lalo na ang aking ama.



Suriin

ANG PAGHUHUSGA NG KONSENSIYA

Magiging masaya ka ba kung panonoorin mo sa *cctv (closed-circuit television)* ang mga ginawa mo sa maghapon, lalo na sa mga oras na walang nakakakita sa iyo? Nakatitiyak ka bang sinunod mo ang utos ng iyong konsensiya? Kung may pagkakataong hindi, maaaring hindi mo nagamit ang tamang pangangatwiran batay sa Likas na Batas Moral upang magkaroon ng angkop na pagpapasiya at kilos.

Sa Modyul 2, natutuhan mo na ang tao ay may obligasyong ilapat ang Likas na Batas Moral sa kaniyang pagpapasiya at pagkilos. Ito ay dahil ang batas na ito ang batayan ng konsensiya sa pagpapasiya kung ano ang mabuti at masama sa konkretong sitwasyon. Kaya ang konsensiya ay ang *personal* na pamantayang *moral* ng tao. Ito ang kakayahan ng isip na maghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang pasiya o kilos. Itinuturing din ang konsensiya bilang “praktikal na moral na paghuhusga” ng *isip*.

Mahalagang malaman mo kung paano kumikilos ang konsensiya upang may kamalayan ka kung ang iyong pag-iisip o pangangatuwiran sa isang pasiya o kilos ay batay sa Likas na Batas Moral o hindi.

Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon

Ang konsensiya ay kumikilos bago ang kilos (*antecedent*), habang isinasagawa ang kilos (*concomitant*) at pagkatapos gawin ang kilos (*consequent*).

1. *Bago* ang kilos (*Antecedent*). Tinutulungan tayo ng konsensiya na suriin ang isang pasiya o kilos bago ito isagawa. Halimbawa, sasama ba ako sa lakad ng aking mga kaibigan o tatapusin ang aking takdang-aralin nang maaga? Pinatutunayan nito na kumikilos na ang ating konsensiya sa pagbuo pa lamang ng isang pasiya.
2. Habang isinasagawa ang kilos (*Concomitant*). Tumutukoy ito sa kamalayan ng isang tao sa pagiging mabuti o masama ng isang kilos habang isinasagawa ito.

Suriin ang sitwasyon na nasa kahon.

Isang gabi bago ang kanilang huling pagsusulit, naghanda si Kardo ng isang *kodigo*. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa lahat ng asignatura. Sa mismong araw ng pagsusulit habang sinisilip na niya ang kodigo, nakadama siya ng isang pagkabalisa.

Sa iyong palagay, ano ang dapat niyang gawin?



Ang pakiramdam ng *pagkabalisa* ay resulta ng konsensiya na nagpapaalala kay Kardo ng kaniyang *moral* na obligasyon na maging tapat at hindi umasa sa kodigo. Ibig sabihin, kung sinasabi sa kaniya ng kaniyang konsensiya na masama ang gumamit ng kodigo, ito ay isang *moral na paghatol* na nagpapahayag na *hindi niya dapat gawin ang kilos*. Sa kabilang banda, kung pipiliin niyang hindi sundin ang sinasabi ng konsensiya, tiyak na makagagawa siya ng masamang kilos.

3. Pagkatapos gawin ang kilos (*Consequent*). Ito ang proseso ng pagbabalik-tanaw o *pagninilay* sa isang pasiya o kilos na naisagawa. Mahalaga ang prosesong ito dahil nakikita natin ang ating kalakasan at kahinaan sa pagbuo ng isang mabuting pasiya. Pinalalalim ng uri ng konsensiyang ito ang ating *pananagutan* sa kilos na isinagawa.

Sa tulong ng tatlong larangan ng panahon sa pagkilos ng konsensiya, nailalapat natin ang Likas na Batas Moral sa mga sitwasyong kinakaharap natin. Sa gitna ng ingay at mga nakalilitong pangyayari sa araw-araw (lalo na sa panahon ng pandemya), mahalaga ang pagtitimbang ng kalalabasan ng ating mga opsiyon sa pagpapasiya at ang tamang pangangatuwiran sa bawat opsiyon ayon sa Likas na Batas Moral. Gabay ang unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral (Gawin ang mabuti at iwasan ang masama), may kakayahan tayo na husgahan at piliin ang mabuti tungo sa mabuting pagpapasiya at pagkilos. Ang pagsunod sa utos ng konsensiya ay nagpapakita ng pagpapakabuti - ang *pagpapakatao*.

Suriin ang sitwasyon sa loob ng kahon. Ano ang gagawin mo kung maharap ka sa ganitong sitwasyon? Paano mo gagamitin ang iyong konsensiya upang makabuo ka ng mabuting pasiya at kilos?

Habang nasa paaralan at oras ng tanghalian, naalala mong may takdang aralin ka pala sa Matematika na hindi mo nagawa noong nagdaang gabi. May limang *word problem* ito. Sa halip na kumain, napagpasiyahan mong gawin na lamang ito upang maipasa sa takdang oras. May lumapit sa iyong kaklase at nag-alok na kopyahin mo na lamang ang kaniyang sagot. Aniya, karamihan sa inyong mga kaklase ay nagbahaginan na ng sagot at maaaring kulangin ka na sa oras kung hindi mo tatanggapin ang alok niya. Ano ang gagawin mo?

Sa puntong ito, balikan natin ang paliwanag tungkol sa Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon. Suriin ang talaan sa ibaba tungkol sa unang sitwasyon.


<p>Bago ang kilos (<i>Antecedent</i>)</p>	<p>Oras ng pananghalian sa paaralan nang maalala mong may takdang aralin ka pala sa Matematika na hindi mo nagawa noong nakaraang gabi. Alam mong <i>tungkulin</i> mo itong maipasa sa takdang oras kung kaya't sa halip na kumain, napagpasiyahan mong gawin na lamang ito.</p>
<p>Habang isinasagawa ang kilos (<i>Concomitant</i>)</p>	<p>Habang sinasagutan mo ang takdang-aralin, may lumapit sa iyong kaklase at inalok kang kopyahin na lamang ang kaniyang sagot. Ayon pa sa kaniya, nagbahaginan na ng sagot ang karamihan sa inyong mga kaklase. May kahabaan ang <i>word problem</i> at malaki ang posibilidad na kulangin ka sa oras kung hindi mo tatanggapin ang alok niya. Nakadama ka ng pag-aalala. Naisip mong maaaring hindi mo matapos ito. Ngunit mas nag-alala ka sa posibilidad na matuklasan ng inyong guro ang pangongopya. Alam mong masamang gawain ito.</p> <p>Dahil dito, tinanggihan mo ang alok ng inyong kaklase at nagpasiyang magsisikap na sagutin ang takdang-aralin nang mag-isa.</p>
<p>Pagkatapos gawin ang kilos (<i>Consequent</i>)</p>	<p>Mapatutunayan mo na mabuti ang iyong naging pasiya na hindi tanggapin ang alok ng kaklase mo at sagutin ang takdang-aralin nang mag-isa. Bukod dito, mas magiging panatag ang iyong kalooban at anomang marka ang iyong makuha, alam mong bunga ito ng iyong pagsisikap na mag-isip.</p>

Itinuturing ang konsensiya bilang batas moral na itinanim ng Diyos sa isip at puso ng tao. Sa pamamagitan ng konsensiya, nakagagawa ang tao ng mga pagpapasiya at nasusunod ang Likas na Batas Moral sa kaniyang buhay. Dahil dito, ang konsensiya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad. Sinusuri nito kung mabuti o masama ang kilos. Likas ito sa tao upang bigyan siya ng kakayahang maghusga sa mabuti o masama na maaaring gawin. Ito ang pinakamainam na paliwanag kung bakit tila may pakiramdam ang tao na hindi mapalagay sa tuwing nakagagawa siya ng kilos na masama o hindi katanggap-tanggap sa kaniyang konsensiya.

Pinapaalalahanan din tayo na “maging maingat” ng husto dahil ang tao ay makikilala sa kung anoman ang namamalagi sa kaniyang puso at lumalabas ang mga ito sa kaniyang mga kilos. Ito ay maaaring magbuklod o maglayo sa ating kapuwa o Diyos. Kung poot at paghihiganti ang nasa puso natin, ito ay magbibigay-daan sa mga nakasasakit na kilos. Kung kagandahang-loob, awa, pagmamahal, at pagpapatawad naman ang laman ng ating puso, ang mga ito ay magbubunga ng mga kilos na mabuti – maawain, mapagmahal at nakahihilom na mga kilos. Samakatuwid, kung ang puso natin ay mabuti, ito ay magdudulot ng mga mabuting kilos; ang kabaligtaran ay totoo rin para sa mga bisyo o masamang kilos.

Gabay ang unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral, may kakayahan tayo na husgahan at piliin ang mabuti patungo sa mabuting pagpapasiya at pagkilos. Ang pagsunod sa utos ng konsensiya ay nagpapakita ng pagpapakabuti - ang *pagpapakatao*.

Mula sa: Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7. Modyul Para sa Mag-aaral*. (Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon, 2017), 139-142



Pagyamanin

Gawain 1: Suriin ang sitwasyon sa loob ng kahon. Ano ang gagawin mo kung maharap ka sa ganitong sitwasyon? Paano mo gagamitin ang iyong konsensiya upang makabuo ng mabuting pasiya at kilos?

Malayo ang tahanan ni Samantha sa pinapasukang paaralan, kaya nagpaalam siya sa kaniyang mga magulang na umupa ng bahay sa malapit sa paaralan at maninirahan kasama ang ilang kaklase. Dahil lumaki siyang masunurin at masipag mag-aral, pumayag ang mga ito. Mahigpit ang paalala nila na pagbutihin ang pag-aaral at umiwas sa barkada. Napagkasunduan nilang pamilya na tuwing Biyernes ng hapon siya uuwi sa kanilang bahay at babalik sa *apartment* tuwing Linggo ng hapon. Ngunit isang araw ng Biyernes, hinimok siya ng kaniyang mga kaklase na huwag umuwi sa kanila at mag-inuman na lamang sa kanilang *apartment*. Ayon sa kanila, hindi dapat mag-alala si Samantha dahil hindi ito malalaman ng kaniyang magulang at hindi siya pagagalitan. Kung ikaw si Samantha, ano ang gagawin mo?

Suriin ang sitwasyon gamit ang *matrix* sa ibaba ayon sa Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon.

Bago ang kilos (<i>Antecedent</i>)	Napagkasunduan nilang pamilya na tuwing Biyernes ng hapon siya uuwi sa kanilang bahay at babalik sa <i>apartment</i> tuwing Linggo ng hapon. Malaki ang tiwala ng kaniyang mga magulang sa kaniya dahil lumaki siyang masunurin sa mga ito. Kung ako si Samantha, patutunayan ko na ako ay isang masunuring anak sa aking pamilya.
Habang isinasagawa ang kilos (<i>Concomitant</i>)	<p>Ngunit isang araw ng Biyernes, hinimok siya ng kaniyang mga kaklase na huwag umuwi sa kanila at bagkus ay mag-inuman na lamang sa kanilang <i>apartment</i>. Ayon sa kanila, hindi dapat mag-alala si Samantha dahil hindi ito malalaman ng kaniyang magulang at hindi siya mapagalitan.</p> <p>Alam ko sa sarili ko na malalaman pa rin ng aking pamilya kung anuman ang aking ginagawa kahit ako ay malayo sa kanila. Madiskubre nila o hindi, ang pakikipag-inuman ng kabataang nasa edad ko ay hindi mabuting gawain.</p>

Pagkatapos gawin ang kilos (<i>Consequent</i>)	Tama ang aking desisyon na huwag sundin ang alok ng aking mga kaibigan. Mas mabuting sundin ko ang paalaala ng aking magulang para mapatunayan ko na ako ay kanilang puwedeng pagkatiwalaan.
--	--

O, ikaw naman. Basahin ang panuto sa ibaba at gawin ito sa iyong kuwaderno.

Gawain 2

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sitwasyon sa ibaba. Pag-aralan kung paano babaguhin ng tauhan ang kaniyang pasiya o kilos upang sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

Naiwan si Rica, nasa Baitang 7, ng kaniyang mga magulang at pinagbilinan na huwag siyang lalabas ng bahay. Sinunod naman ni Rica ang bilin ng kaniyang magulang ngunit biglang tumawag sina Luis na planong magkita ang magkakaibigan. Batid ni Rica na bawal lumabas lalo na wala pa sila sa tamang edad dahil ito ay mahigpit na ipinatutupad sa panahon ng pandemya. Sa isip ni Rica mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal na ring hindi nakikita.



MGA TANONG	MGA SAGOT
1. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Rica?	
2. Isinaalang-alang ba niya ang mas mataas na mabuti (<i>higher good</i>) sa sitwasyong ito sa kaniyang pasiya? Pangatwiranan.	
3. Paano niya babaguhin ang kaniyang pasiya upang tumalima o sumunod ito sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?	
4. Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kaniyang konsensiya? Pangatwiranan.	



Isaisip

Gawain 3: Anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo?

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, ano ang nahinuha mong mahalagang konsepto tungkol sa tanong na: *Bakit mahalagang sundin ang Likas na Batas Moral?* Isulat ang sagot sa kuwaderno.



Isagawa

Pagninilay

Panuto: Pumunta sa isang tahimik na lugar. Gunitain ang isang pasiyang ginawa mo noong nakaraang linggo na nagresulta sa iyong kalungkutan, pagkabagabag o pagsisisi. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong *journal*.

1. Ano ang dapat kong baguhin sa paraan ng aking pagpapasiya (halimbawa, pagtitimbang ng higit na mabuting opsiyon o kilos ayon sa unang prinsipyo ng Likas na Batas Moral, kumunsulta sa taong pinagkakatiwalaan pagkatapos makabuo ng pansamantalang pasiya, iwasan ang padalos-dalos na pagpapasiya o pagmamadali)?
2. Kung babalikan ko ang pasiyang aking ginawa, ano ang aking babaguhin at bakit?



Tayahin

Panuto: Basahin at unawing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Pagtapos ng kaniyang klase sa hapon, niyaya si Rabiya ng kaniyang kaklase na manood ng sine at kumain sa isang mall. Bago magpasiya si Rabiya, naisip niya ang kanilang takdang-aralin. Kung sasama siya, gagabihin siya at mawawalan ng oras sa paggawa nito. Kung hindi siya sasama, mas marami siyang oras sa paggawa ng takdang-aralin. Sa anong panahon kumikilos ang konsensiya ni Rabiya?
 - a. Bago ang kilos
 - b. Habang isinasagawa ang kilos
 - c. Pagkatapos gawin ang kilos
 - d. Habang iniisip ang kilos
2. Naghanda ng kodigo si Jacqueline bago ang pagsusulit nila sa Matematika. Sa oras ng pagsusulit, nakaramdam siya ng pagkabalisa sa paggamit nito. Naisip niya na masama gumamit ng kodigo at mas mabuting maging tapat. Sa anong panahon kumikilos ang konsensiya ni Jacqueline?
 - a. Bago ang kilos
 - b. Habang isinasagawa ang kilos
 - c. Pagkatapos gawin ang kilos
 - d. Habang iniisip ang kilos

Sa Bilang 3-6, ibatay ang sagot sa sitwasyon na nasa kahon.

Isang gabi, naghanda si Kardo ng isang kodigo para sa kanilang pagsusulit kinabukasan. Nais niyang makakuha ng mataas na marka sa lahat ng asignatura. Ngunit sa mismong araw ng pagsusulit, nakadama siya ng pagkabalisa habang sinisilip niya ang kodigo.

3. Ano ang *hindi* sinasabi ng pagkabalisa na naramdaman ni Kardo sa sitwasyon?
 - a. Ito ay resulta ng konsensiya na nagpapaalala kay Kardo ng kaniyang *moral* na obligasyon na maging tapat at hindi umasa sa kodigo.
 - b. Ito ay indikasyon na sinasabi ng kaniyang konsensiya na masama ang gumamit ng kodigo.
 - c. Ito ay isang moral na paghatol na nagpapahayag na hindi niya dapat gawin ang kilos.
 - d. Ito ay paghatol ng kaniyang isip na baka mahuli siya ng kanilang guro.

4. Kung susundin ni Kardo ang sinasabi ng kaniyang pagkabalisa, alin ang **hindi** niya dapat gawin?
 - a. Pag-iwas sa labis na pag-aalala
 - b. Pagtitimbang ng kalalabasan ng pipiliin niyang kilos
 - c. Tamang pangangatwiran sa bawat opsyon ayon sa Likas na Batas Moral
 - d. Pagpili ng mabuting opsiyon

5. “Ngunit sa mismong araw ng pagsusulit, nakadama si Kardo ng isang pagkabalisa habang sinisilip niya ang kodigo”. Ang pagkabalising ito ay:
 - a. ang tinig ng Diyos na bumubulong kay Kardo na aminin niya na mali ang pagsilip sa kodigo.
 - b. babala na baka masanay na siya sa paggawa ng masama.
 - c. ang paghatol ng konsensiya sa kasamaan ng kilos at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.
 - d. hudyat na kumikilos ang kaniyang konsensiya.


6. Anong konklusyon ang mabubuo sa sitwasyong kinakaharap ni Kardo?
 - a. Kumikilos ang ikalawang elemento ng konsensiya: ang paghatol kung ang isang pasiya o kilos ay mabuti o masama at ang pakiramdam ng obligasyong piliin ang mabuti.
 - b. Ang pangunahing gamit ng konsensiya ay tukuyin ang *dapat* gawin sa isang situwasyon.
 - c. Kumikilos ang unang elemento ng konsensiya: ang pagninilay upang maunawaan ang mabuti at masama sa isang situwasyon
 - d. May pinagbabatayan na mas mataas na pamantayan ang konsensiya: ang Likas na Batas Moral.

Sa Bilang 7-10, ibatay ang sagot sa sitwasyon na nasa kahon.

Naiwan si Rica, nasa Baitang 7, ng kaniyang mga magulang at pinagbilinan na huwag siyang lalabas ng bahay. Sinunod naman ni Rica ang bilin ng kaniyang magulang ngunit biglang tumawag sina Luis na planong magkita ang magkakaibigan. Batid ni Rica na bawal lumabas lalo na wala pa sila sa tamang edad dahil ito ay mahigpit na ipinatutupad sa panahon ng pandemya. Sa isip ni Rica mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal na ring hindi nakikita.

7. Anong dalawang mabuting kilos ang nagtutunggalian sa sitwasyon na kinakaharap ni Rica at ng mga kaibigan?
 - a. Ang hindi pagsunod sa bilin ng magulang at ang hindi pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.
 - b. Ang paglabas ng bahay at pakikipagkita sa mga kaibigan nang sandal lamang.
 - c. Ang pagsunod sa bilin ng magulang at pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.
 - d. Ang pagsunod sa bilin ng magulang at ang hindi pakikipagkita sa mga kaibigan na matagal ng hindi nakikita.

8. Isinaalang-alang ba ni Rica sa kaniyang pasiya ang mas mataas na mabuti (*higher good*) sa sitwasyong ito? Bakit?
- Oo, dahil kahit inisip niya na mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal nang hindi nakikita, hindi pa niya naisasagawa ang kilos na ito.
 - Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa hiling ng kaibigan sa situwasyong iyon.
 - Oo, dahil pinag-iisipan pa niya kung lalabas ng bahay o hindi.
 - Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa paglabas ng bahay kahit emergency.
9. Ano ang dahilan kung bakit ang konsensiya ang praktikal na paghuhusga ng isip?
- Ito ang kakayahan ng isip na maghusga ng kabutihan o kasamaan ng isang pasiya o kilos.
 - Ito ang pangunahing kamalayan sa mabuti at masama.
 - Ito ang naglalapat ng Likas na Batas Moral.
 - Ito ang sinusunod ng kilos-loob.
10. Sa tanong na “Kapag pinili niya ang mas mataas na mabuting kilos, uusigin kaya siya ng kaniyang konsensiya? aling katwiran ang ayon sa Likas na Batas Moral?
- Oo, dahil inisip niyang mahalaga na makasama niya ang mga kaibigang matagal nang hindi nakikita kaysa ang pagsunod sa utos ng mga magulang.
 - Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa paglabas ng bahay kahit emergency.
 - Oo, dahil ang pagsaalang-alang sa hiling ng mga kaibigan kaysa sa utos ng mga magulang ay paglabag sa Likas na Batas Moral.
 - Hindi, dahil ang pagsunod sa utos ng magulang lalo na kung makabubuti ito sa sarili ang mas mataas na mabuti (*higher good*) kaysa sa hiling ng kaibigan sa sitwasyong iyon.



Karagdagang Gawain


Panuto: Gawin ang sumusunod sa kuwaderno.

1. Mag-isip ng dalawang sitwasyon sa iyong buhay kung saan nahirapan kang magpasiya. Isulat kung paano ka nagpasiya at kumilos ayon sa sinasabi ng iyong konsensiya sa bawat sitwasyon.
2. Punan ang hanay sa ibaba. Gabay mo ang halimbawa.

Sitwasyon sa buhay na nagsasagawa ng pasiya	Kilos na Isinagawa	Epekto ng isinagawang pasiya	Mga Reyalisasyon
<i>Halimbawa:</i> Niyaya ng kaibigan na mag-cutting classes.	Hindi sumama at piniling pumasok sa klase.	Naunawaan ang tinalakay ng guro at nakakuha ng mataas na marka sa pagsusulit sa araw na iyon.	Hindi ako nakaramdam ng pagkabalisa o pagsisisi sa ginawa kong pasiya. Mas nakabubuti na piliin ang pagpasok sa klase dahil may mabuti itong maidudulot hindi lamang sa aking pagpapakatao kundi sa pag-abot ng aking pangarap sa buhay.
<i>Unang Sitwasyon:</i>			
<i>Ikalawang Sitwasyon:</i>			

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, tumungo ka na sa susunod na modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito.

Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral at ng guro.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN		
Paksa	Kasanayan	Sagot
1. Konsensiya	Kaalaman	A
2. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Pagsusuri	A
3. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Pagsusuri	B
4. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Aplikasyon	D
5. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Ebalwasyon	A
6. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Pagsusuri	C
7. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Sintesis	A
8. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Pag-unawa	C
9. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Ebalwasyon	B
10. Mga Uri ng Konsensiya sa Larangan ng Panahon	Ebalwasyon	D

TAYAHIN

1. A
2. C
3. D
4. A
5. B
6. A
7. D
8. A
9. A
10. B

Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao, Baitang 7, Modyul Para sa Mag-aaral (2017),
Kagawaran ng Edukasyon, Pasig City. Pahina 129-147

Para sa mga katanungan at puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education, - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov